# Elehiya Sa Buntot Ng Kometa at Iba Pang Mga Tula

Allan Popa*

---

**BUNTONG-HININGA**

Ginising akong muli
pagkaraan ng ilang dekada
ng nakaririnding tili
ng baboy sa isang bayan
sa kabundukan.

Bumalik sa alaala
ang maraming nasaksihang
pagkatay ng aking ama,
ang kalkulado niyang
pakikipagbuno sa hayop
bago ito mapatumba.

Nanatili ako sa pagkakahiga
at pinakinggan nang pinakinggan
ang iyak na nakasanayan,
tila malayong oyaying
hindi na magawang magpatahan.

Sa pagkakapikit nakita ko
nang sandaling tumarak ang talim
sa lalamunan at bumulwak ang dugo.
Nabago ng sugat ang panambitan.

Dalawang butas sa katawan
ang nagsalimbayan:
ang ingay ng dugo at ng atungal.
Iisang puwersa ang nagpapabukal,
ang nasasaid na buhay.

Hanggang mapatahimik ng isa
ang isa at naging katahimikan
ng madaling araw.

Mula sa bibig patungo sa sugat
ako nagsasalita.

**PAGTANDA**

Tatandaan mo sa lupa
ang pinatandaan sa iyo ng matatanda.

*

May mga panahong hindi ka magtatanda.
May panahon ka na wala ang matatanda,

*

Lilipas ang panahon kasabay ng iyong pagtanda.
Tanda ng iyong mga matatandaan ang lupa.

*

Dito ka sa lupa tatanda.
Paglipas ng panahon,
ikaw na ang matanda.
Ikaw na ang magpapatanda.

*

Nag-iiwan ng tanda sa lupa
ang iyong pagtanda.

*

Ang matatandaan ng lupa
ang iyong ipinatatanda
sa iyong pagtanda.

*

Paglipas ng panahon,
hindi ka matatandaan ng lupa.
Isa ka na lamang pananda sa lupa.

**KUNG WARI**

Kunwari mga bata uli tayo
sa ilalim ng mesa, naglalaro
ng bahay-bahayan.
Hindi na mahalaga kung sino ang tatay o nanay
kung sino ang gaganap na mga anak

Ang matatanda, mga binti at paa lamang ngayon,
dumadaan-daan sa labas ng ating bahay.
Hinahayaan nila tayo sa ating mundo
dahil hinahayaan natin sila sa kanila.

Kung kailan natin maisip na gabi
isasara lamang natin ang kumot
na itinalukbong sa mesa
at magkukunwari tayong natutulog.
Ang matatanda sa labas, mga ingay lamang
at aninong walang hubog.

Magaling tayong magkunwaring tulog
kung pilit na pinapatutulog.
Kung laro lamang sana ang pagtulog.

Kung minsan, makikinig tayo sa usapan
ng matatanda: alam mong may hindi magandang
nangyayari sa labas ng bahay
kung hindi tayo pwedeng lumabas,
kung hindi nila tayo hinahayaan
sa sarili nating mundo at hindi nila tayo gustong
isama sa kanilang mundo.

May mga pagkakataong hindi laro
para sa kanila ang ating laro.
Ano ang magagawa ng isang bata
kundi ang magkunwaring natutulog.

Sa bahay natin sa loob ng bahay,
paghawi ng kobre-kama, umaga na.
Ibabalik natin ang mga gamit sa takda nilang lugar:
ang kobre-kama, ang kumot, ang unan sa kama
at ang hindi matinag-tinag na mesa ay mesa.

**ABOT-TANAW**

Munting gasera, munting apoy,
ipauubaya kita sa mga alon.

Maglalaho ka sa lawak ng dagat
ngunit hindi kailanman sa aking isipan.

Munting bangka sa laot ng paglimot,
dumaong ka sa pinaglahuan.

**ELEHIYA SA BUNTOT NG KOMETA**

Nagtiwala ako
nang akayin sa dilim
ng iyong piring
hanggang sabihin mong
"Narito na tayo.

Bumilang ka ng sampu
tapos tanggalin mo ang panyo."
Wala ka na
nang dumilat ako.

Na para bang
kinailangan mong maglaho
tulad ng liwanag ng lungsod
upang makita ko ang kalawakan
ng gabing walang hadlang.

Tumayo ako roon
habang naglalaglagan
ang napakaraming bituin.
Isang batang
nauubusan ng mahihiling.

*Hindi mga labi ng nagdaang*
*kometa kundi naipong mga uban*
*ang naglalakbay sa kalangitan.*
*Ang bawat pagtingala*
*ay pagmano sa gabing matanda.*

---

**NOTE**

*Allan Popa is Assistant Professor at the Ateneo de Manila University. He is author of ten poetry collections including "Damagan" (UST Publishing House, 2018) and "Narkotiko at Panganorin" (Ateneo de Manila University Press, 2018). Popa obtained his MFA in Writing at the Washington University in Saint Louis and his Ph.D. in Literature at the De La Salle University.